

PROGRAMA NA MEDICAL BASELINE ALLOWANCE



Alam mo ba?

Mahigit 50,000 na mga customer, mula sa mga bagong silang na sanggol hanggang sa mga matatanda, ay kwalipikado para sa aming programa. Sinumang gumagamit ng ilang mga aparatong medikal o nangangailangan ng pagpapainit o air conditioning na lugar dahil sa isang kondisyong medikal ay maaaring maging karapat-dapat. Alam namin na ang mga pangangailangan na iyon ay nangangailangan ng pagtaas ng paggamit ng kuryente, kaya't inaalok namin ang programang ito upang makatulong na mabawasan ang buwanang singil.

Ang San Diego Gas & Electric® (SDG&E®) ay dedikado sa pagbibigay ng ligtas at maaasahang kuryente sa mga taong umaasa sa kagamitang pangsuporta sa buhay o mga espesyal na kondisyon sa kapaligiran. Ang Programa na Medical Baseline Allowance ay tumutulong sa mga customer na makatipid bawat buwan sa kanilang singil sa kuryente.

Ano ang Programa na Medical Baseline Allowance?

Ang Programa na Medical Baseline Allowance ay nagbibigay ng karagdagan dami ng gas at kuryente sa pinakamababang singil para sa mga pantahanang customer. Ito ay hindi isang diskwento o rebate.

Dagdag pa sa inyong karaniwang inilaan na pinakamababang halaga (baseline), ang natatanggag na allowance sa programa ay 16.5 kWh ng kuryente kada araw o 0.822 therms ng natural na gas kada araw, o pareho.

Sino ang karapat-dapat para sa Programa?

Ang sinuman na may kwalipikadong medikal na pangangailangan ay maaaring mag-apply para sa allowance. Para maging kwalipikado, kayo o ang isang residenteng pamalagian na nakatira sa inyong tahanan ay dapat matugunan ang isa sa mga sumusunod na kinakailangan:

- Nangangailangan ng permanenteng pagpapainit o air conditioning na lugar dahil sa mga kondisyon tulad ng paraplegia (pagkaparalisa ng ibabang bahagi ng katawan kasama ang mga binti), quadriplegia (pagkaparalisa ng buong katawan simula leeg pababa), hemiplegia (pagkaparalisa ng isang panig ng katawan), multiple sclerosis, scleroderma (matigas na balat), isang compromised immune system, o huminang resistensiya o isang sakit na nagbabanta sa buhay.
- Nangangailangan ng isa sa mga sumusunod na kagamitan:
 - Aerosol tents
 - Apnea monitors (isang monitor na sinusukat ang tulin ng pahinga)
 - Continuous positive air-way pressure machines (isang paggamot na gumagamit ng



katatamang hangin para panatiliing bukas ang daanan ng hangin o CPAP)

- Mga makina para sa Hemodialysis
- Mga makina para sa dialysis ng bato
- Suction machines (ginagamit para alisin ang mga inilalabas ng katawan at plema sa mga daanan ng hangin)
- Mga IPPB na makina (ginagamit para mapabuti ang paghinga sa pamamagitan ng pagbigay ng mga gamot)
- Electrostatic nebulizers (ginagamit sa pagbibigay ng mga gamot para sa iba't-ibang mga uri ng problema sa paghinga)
- Ultrasonic nebulizers
- Pressure pumps
- Pressure pads
- Compressors (pinaikli ang dami ng hangin)
- Electric nerve stimulators
- Motorized wheelchairs
- Iron lungs
- Respirators
- Oxygen concentrators

Ang ilang mga kagamitan ay hindi kwalipikado para sa allowance, kabilang ang mga whirlpool pump, heating pad, air filter, vaporizer, humidifier, pool o tank heater, sauna, o hot tub. Gayunpaman, ang ibang kagamitan na gumagamit ng kuryente ay maaaring maging kwalipikado.

Paano kung nagbabayad ako sa aking kasera (landlord) para sa aking kuryente?

Maaari kang mag-apply para sa Programa na Medical Baseline Allowance kahit na nagbabayad

Pinagpapatuloy mula sa harapan

kayo para sa inyong kuryente sa inyong kasera o may-ari ng ari-arian. Kung ang inyong kasera o may-ari ng ari-arian ay ang nagbibigay ng inyong bayarin sa kuryente, ang bayaring iyon ay magkakaroon ng karagdagang allowance.

Dapat ko bang i-renew ang aking aplikasyon?

Paminsan-minsan maaari namin hilingin na i-renew ninyo at i-update ang inyong aplikasyon sa Medical Baseline Allowance. Kapag ginawa namin ito, padadalhan ka namin kayong isang sulat ng abiso para sa pag-renew.

Mayroon ba akong ibang mga responsibilidad?

Kung natanggap ninyo ang allowance, mayroon kayong ilang mga responsibilidad.

- Habang ginagawa namin ang aming makakaya para maiwasan ang kawalan ng kuryente, hindi namin magagarantiya na palaging may kuryente. Ang kawalan ng kuryente ay nangyayari. Susubukan ng SDG&E na abisuhan kayo nang maaga para sa isang kawalan ng kuryente na pinamamahalaan ng estado. Gayunpaman, kung kailangan ninyo ng kagamitang pansuporta sa buhay, dapat kayong gumawa ng mga pag-aayos para sa isang back-up na suplay ng kuryente kung sakaling mawalan ng kuryente. Kung kayo ay gagamit ng generator kung sakaling mawalan ng kuryente, hinihiling ng batas ng estado na tawagan at abisuhan ninyo kami na kayo ay mayroong generator.
- Kayo ay responsable sa pagbabayad ng inyong bayarin sa SDG&E sa loob ng 19 na araw mula sa petsa na ipadala ito sa inyo sa koreo. Tawagan agad ang aming Customer Contact Center kung sa palagay ninyo kayo ay mahihirapan sa pagbabayad ng inyong bayarin. Kung hindi ninyo babayaran ang inyong bayarin sa SDG&E sa tamang oras o gumawa ng naaangkop na pagsasaayos sa pagbabayad, ang inyong serbisyo ay maaaring putulin.
- Responsable din kayo sa pag-aabiso sa amin kung ang inyong medikal na kagamitan ay hindi na kailangan, o kung ang taong gumagamit nito ay hindi na nakatira sa adres kung saan ibinigay ang allowance.
- Kung lilipat kayo, mangyaring ipaalam ito sa amin dahil ang inyong allowance ay hindi awtomatikong maililipat.

Paano ako mag-aaplay?

Ang pag-apply para sa programa ay madali.

1. Kailangan ninyong mong kumpletuhin ang Bahagi 1 ng aplikasyon.
2. Ipaberipika sa inyong Medikal na Practitioner* (ang inyong medikal na kondisyon, ang pangangailangan para sa kagamitan, o pareho), punan ang bahagi 2 at pirmahan.
3. Ibalik ang Bahagi 1 at Bahagi 2 nang magkasama sa SDG&E sa pamamagitan ng koreo, fax o email (ang lahat ay makikita sa aplikasyon).

Ang inyong aplikasyon ay ipoproseso sa loob ng 30 araw na matanggap ito. Mangyaring itago ang isang kopya para sa inyong mga talaan.

Makipag-ugnayan sa amin

Kung nais ninyo ng higit pang impormasyon sa Programa na Medical Baseline Allowance o anumang mga serbisyo na aming iniaalok, makipag-ugnayan sa SDG&E sa **1-800-411-7343** o sa email sa

medicalbaseline@sdge.com. Maaari mo rin kaming bisitahin sa **sdge.com/tagalog**. Ang mga aplikasyon ng Medical Baseline Allowance ay maaaring i-download mula sa aming website sa Ingles, Espanyol, Intsik, Vietnamese, Tagalog at sa malaking titik.

Iba pang nakakatulong na mga serbisyo

Ang SDG&E ay nagbibigay ng iba't-ibang mga serbisyo na makakatulong sa inyo sa pagbabayad ng mga bayarin:

Paalala sa ikatlong-partido

Kung kayo o ang isang tao na kilala ninyo ay nangangailangan ng paalala para bayaran ang kanilang bayarin sa SDG&E, gamitin ang aming serbisyo na Abiso sa Ikatlong-Partido. Sa serbisyong ito, aabisuhan namin ang isa pang tao na inyong napili kung ang inyong pagbabayad ay nahuli. Makakatulong ito upang maiwasan ang anumang pagkaantala sa serbisyo. Para magpatala, tumawag sa **1-800-411-7343** o *bisitahin ang sdge.com/tagalog*.

Plano sa Pagbabalanse ng Pagbabayad (Level Pay Plan, LPP)

Kung nais ninyong magkaroon ng higit pang mga nahuhulaang bayarin sa kuryente bawa't buwan, ang aming LPP ay maaaring tumulong nang wala kayong babayaran. Ang planong ito ay makatutulong na ayusin ang mga pagtaas at pagbaba ng inyong buwanang bayarin sa kuryente. Ang mga pagtaas at pagbaba ay dulot ng mga pagbabago sa panahon at kung paano ninyo ginagamit ang inyong mga kasangkapan.

Gagawing katamtaman ng LPP ang inyong taunang paggamit ng kuryente at gastos sa panahon ng 12-buwan. Magbabayad kayo ng isang karaniwang halaga ng bayarin sa bawa't buwan sa halip na mga aktwal na singil. Para mag-aplay tawagan kami sa **1-800-411-7343** o bisitahin kami sa **sdge.com/tagalog** at i-click ang link na enroll online.

Mga opisina para sa pagbabayad

Maaari rin kayo magbayad ng inyong bayarin sa alinman sa aming mga opisina o isa sa aming maraming nagsasariling lokasyon sa pagbabayad ng bayarin sa buong lugar. Tumawag sa **1-800-411-7343** para maghanap ng isang opisina para sa pagbabayad.

Programang CARE

Maaari kayong maging kwalipikado para sa isang diskuwento bawa't buwan sa inyong bayarin sa SDG&E kung matutugunan ng inyong sambayanan ang mga kinakailangan. Tumawag sa **211** o bisitahin ang **sdge.com/tagalog** para mag-aplay. Kakailanganin ninyo ang numero ng iyong account.

Tulong na Programa para sa Pagtitipid ng Kuryente (Energy Savings Assistance Program)

Magtipid ng pera at mabuhay ng mas komportable nang may mga libreng serbisyo sa paglalagay ng strip sa pintuan para makatipid sa kuryente (weatherization) at mga bagong kasangkapan mula sa programang ito, na bukas para sa mga nangungupahan at may-ari ng bahay.** Bisitahin ang **sdge.com/tagalog** o tumawag sa **1-866-597-0597**.

TDD/TTY

Para sa mga taong may kapansanan sa pandinig, ang SDG&E ay nag-aalok ng TDD/TTY sa **1-877-889-7343**.

*Ang isang lisensyadong Medical Doctor (M.D.), Doctor of Osteopathy (D.O.), Nurse Practitioner o Physician Assistant ay maaaring magpatibay sa pagiging karapat-dapat ng isang pasyente dahil sa pagkakaroon ng isang nakamamatay na kondisyon o sakit.

**Ang mga bahay na dating nakikilahok sa programa ay maaaring maibukod mula sa karagdagang paglahok sa programa.

MEDICAL BASELINE ALLOWANCE APPLICATION

(Ginamit sa Pagpapatala at Muling Pagpapatunay para sa Programa na Medical Baseline Allowance)

**MAHALAGA: ISUMITE ANG DALAWANG PAHINA, KAPWA ANG LIKOD AT HARAP.
KAILANGANG PUNAN ANG BUONG FORM O HINDI ITO ISASAALANG-ALANG.**

Bahagi 1: Kukumpletuhin ng Customer (mangyaring isulat nang hindi kabit-kabit)

Numero ng Account ng Customer sa SDG&E@:		Email Address:	
Pangalan ng Customer (katulad ng makikita sa inyong bayarin):			
Pangalan ng Pasyente (kung iba sa customer):			
Address ng Serbisyo:		Unit/Puwesto:	Lungsod:
Address ng Customer ng Pagpapadala sa Koreo (kung iba):			
Telepono sa Bahay: ()		Cellphone: ()	

Para sa mga customer na sinisingil ng ibang tao bukod sa SDG&E:

Pangalan ng Mobile Home o Apartment Complex:			
Address ng Complex:		Unit/Puwesto:	
Pangalan ng Tagapamahala ng Complex:		Telepono ng Complex: ()	
Pangalan ng Nangungupahan:		Telepono ng Nangungupahan: ()	

Para sa inyong kaligtasan, mahalaga na mayroon kami nang wastong impormasyon sa pagkontak sa inyo sa kaso ng isang pagkawala ng kuryente o emerhensiya. Upang suriin o i-update ang inyong impormasyon sa pagkontak bisitahin ang sdge.com/myaccount (mag-log in sa iyong profile sa Aking Account, sa home page mag-klik sa inyong pangalan sa profile sa kanang sulok sa itaas, pagkatapos ay mag-klik sa "Aking Profile") o tumawag sa **1-800-411-7343**.

Nauunawaan ko na:

- Kung papatunayan ng Medikal na Practitioner* na ang medikal na kondisyon ng residente ay permanente, hihingin ng SDG&E na kumpletuhin ang isang form kung saan ang residente mismo ang magpapatunay ng patuloy niyang pagiging karapat-dapat para sa Medical Baseline Allowance kada dalawang taon.
- Kung papatunayan ng Medikal na Practitioner* na ang medikal na kondisyon ng residente ay hindi permanente, hihingin ng SDG&E na kumpletuhin ang isang form kung saan ang residente mismo ang magpapatunay ng patuloy niyang pagiging karapat-dapat para sa Medical Baseline Allowance kada taon at ang pagkumpleto ng isang bagong aplikasyon na may pagpapatunay mula sa isang lisensyadong Medikal na Practitioner* kada dalawang taon.
- Kung ang residente ay may kapansanan sa paningin, maaari kong kontakin ang SDG&E para humiling ng espesyal na abiso kung ang mga form sa muling pagpapatunay (para kumpletuhin ang isang bagong aplikasyon kasama ang isang sertipikasyon ng Medikal na Practitioner*) o para sa sariling pagpapatunay ay ipapadala sa koreo.
- Hindi magagarantiya ng SDG&E na walang antala sa serbisyo ng gas at kuryente, at ako ay responsable para sa paggawa ng mga alternatibong pagsasaayos sa ganapan ng pagkawala ng gas o kuryente.

Pinatutunayan ko na ang impormasyong nasa itaas ay tama. Pinatutunayan ko rin na ang kwalipikadong residente ay pamalagiang naninirahan sa address na ito, at nangangailangan o patuloy na mangangailangan ng Medical Baseline Allowance. Sumangang-ayon ako na payagan ang SDG&E na berepikahin ang impormasyong ito. **Sumasang-ayon din ako na agad na abisuhan ang SDG&E kung ang kwalipikadong residente ay lumipat o kung ang Medical Baseline Allowance ay hindi na kakailangananin pa ng residente. Sa pamamagitan ng pagpirma sa ibaba, pinahihintulutan ko ang SDG&E na ibahagi ang aking impormasyon bilang customer sa ibang mga utilidad at/o ang kanilang mga ahente para payagan sila na itala ako sa ibang mga tulong na programa sa utilidad.**

Pinapahintulutan ko din ang SDG&E na magbahagi ng impormasyon tungkol sa aking paglahok sa Programa na Medical Baseline Allowance, ng SDG&E, kabilang ngunit hindi limitado sa aking pangalan, address, paano ako mako-kontakt, circuit data, katayuan ng aking pagkatala sa Programa na Medical Baseline Allowance, at mga kinakailangang medikal na kasangkapan na nakalarawan sa form na ito kung hihilingin ng mga propesyonal na nagbibigay ng mga serbisyong pang-emerhensiya, at ng mga ahensiya ng lungsod, estado at pederal na pamahalaan upang mapamahalaan ang pagbawi ng kuryente at makaplano ang mga partidong ito para sa mga emerhensiya at mapamahalaan ang mga ito.

Pirma ng Customer:		Petsa:	
--------------------	--	--------	--

Ang karaniwang medical baseline allowance ay 16.5 kilowatt-oras ng kuryente at/o 0.822 therms ng natural na gas kada araw, na bilang karagdagan sa iyong pang-araw-araw na karaniwang paglalaan ng baseline. Kung ang allowance na ito ay hindi natutugunan ang iyong mga medikal na pangangailangan, mangyaring makipag-ugnayan sa SDG&E sa **1-800-411-7343** upang talakayin ang mga karagdagang halaga.

*Ang isang lisensyadong Medical Doctor (M.D.), Doctor of Osteopathy (D.O.), Nurse Practitioner o Physician Assistant ay maaaring magpatibay sa pagiging karapat-dapat ng isang pasyente dahil sa pagkakaroon ng isang nakamamatay na kondisyon o sakit.

MEDICAL BASELINE ALLOWANCE APPLICATION

(Used for Medical Baseline Allowance Program Enrollment and Recertification)

The standard medical baseline allowance is 16.5 kilowatt-hours of electricity and/or 0.822 therms of natural gas per day, which is in addition to your daily standard baseline allocation. If this allowance does not meet your medical needs, please contact SDG&E at **1-800-411-7343** to discuss additional amounts.

Part 2: To be completed by a licensed Medical Practitioner* (all of sections 1-5 must be filled out) Bahagi 2: Kukumpletuhin ng isang lisensyadong Medikal na Praktisyoner*

I certify the medical condition and needs of my patient (please print):

Patient's Last Name:		First Name:	
Customer Address:			

1. Requires use of a medical device.

The following medical devices are used in the above-named patient's home:

Device:		<input type="checkbox"/> Electricity	<input type="checkbox"/> Gas
Device:		<input type="checkbox"/> Electricity	<input type="checkbox"/> Gas
Device:		<input type="checkbox"/> Electricity	<input type="checkbox"/> Gas

2. The medical device(s) listed above are required for life support (must check one) Yes No

A qualifying life support device is any medical device used to sustain life or is relied upon for mobility. This device must run on gas or electricity supplied by SDG&E. It includes, but is not limited to, respirators (oxygen concentrators), iron lungs, hemodialysis machines, suction machines, electric nerve stimulators, pressure pads and pumps, aerosol tents, electrostatic and ultrasonic nebulizers, compressors, IPPB machines, kidney dialysis machines and motorized wheelchairs. **Devices used for therapy rather than life support do not qualify.**

3. Requires heating and cooling.

The Medical Baseline Allowance is available for heating and/or cooling if the patient is paraplegic, quadriplegic, hemiplegic, has multiple sclerosis or scleroderma. The allowance is also available if the patient has a compromised immune system, life-threatening illness or any other condition for which **additional heating or cooling is medically necessary to sustain the patient's life or prevent deterioration of the patient's medical condition.**

Requires the standard Medical Baseline Allowance for heating: (check one) Yes No

Requires the standard Medical Baseline Allowance for cooling: (check one) Yes No

4. I certify that the medical device(s) and/or additional heating or cooling will be required for approximately:
(check one) No. of Years _____ or Permanently

5. How long can the patient survive without using life support equipment?

(check one) 2 Hours or Less or More than 2 Hours

Note: While we do our best to avoid outages, we cannot guarantee that the power will always be on. Outages happen. SDG&E will attempt to notify the patient in advance of a state-directed power outage. However, if the patient requires life support equipment, he/she should make arrangements for a backup power supply in case of an outage.

Licensed Medical Practitioner* Name:		Phone No.:	()
Office Address:			
Medical State License or Military License Number:			
Signature of Licensed Medical Practitioner*:		Date:	

MAIL APPLICATION TO:

Medical Baseline Allowance Program Manager
San Diego Gas & Electric | P.O. Box 129831 | San Diego, CA 92112-9831
Fax: 1-858-636-5749 Email: medicalbaseline@sdge.com

IMPORTANT: SUBMIT BOTH PAGES FRONT AND BACK.

Please allow 30 days for us to process the application.

